



REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 92-24

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN ANG PAGHIRAM NG PAMAHALAANG BAYAN NG HALAGANG LIMANG MILYONG PISO (P5,000,000.00) MULA SA PONDO NG SPECIAL EDUCATION FUND (SEF) UPANG ILAAN SA PAGBABAYAD SA LUPANG KINATATAYUAN NG PAMBAYANG LIBINGAN.

Ipinanukala nina : Kon. Roger C. Smith
Kon. Rufino B. Joaquin

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay mayroong pangangailangan na magkaroon ng pambayang libingan upang matugunan ang lumalaking suliranin ukol sa lupang paglalagakan ng mga namayapa;

SAPAGKAT, nakipagkasundo na ang Punongbayan Ignacio R. Bunye at nakabili ang pamahalaang lokal ng isang lagay na lupa para sa hakbanging nabanggit;

SAPAGKAT, matagal nang panahon na hindi nababayaran ang nasabing lote sa mga nagmamay-ari nito;

SAPAGKAT, sa kasalukuyan ay hindi sasapat ang kita ng pamahalaang bayan upang lubusan itong makawala sa obligasyon nito dahil sa pagpasok ng mga buwang mahirap ang paglikom ng buwis;

SAPAGKAT, ang pondong nauukol sa Special Education Fund ay hindi pa kakailanganin sa mga proyekto nito;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na pagtibayin ang kapasiyahan ukol sa paghiram ng Pamahalaang Bayan ng halagang Limang Milyong Piso (P5,000,000.00) mula sa pondo ng Special Education Fund (SEF) upang ilaan sa pagbabayad sa lupang kinatatayuan ng Pambayang Libingan.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-17th regular na pulong na ginanap ngayong ika-9 ng Nobyembre, 1992 sa Session Hall ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN :

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal
Pansamantalang Tagapangulo



REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

Pahina - 2 -
Kapasiyahan Blg. 92-24

(Hindi nakilahok)

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samagan ng mga Punong Barangay

PINATUTUNAYAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY :

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pansamantalang Punongbayan